
مملكة البحرين
KINGDOM OF BAHRAIN

Public Awareness Campaign to Combat Coronavirus (COVID-19)

# Mga Madalas Itinatanong




**Magparehistro online** para sa COVID-19 na Bakuna

**healthalert.gov.bh**

Philippines

## Paano gumagana ang mga bakuna?

- Pinapataas ng mga bakuna ang lebel ng antibody laban sa mga bakterya at virus, na nag-uudyok ng pagtugon ng imyunidad sa loob ng katawan laban sa mga sakit.

## Bakit dapat akong magpabakuna?

- Ang bakuna ay ang isa sa mga pinakamahalagang pangontrang hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit. Pumoprotekta ito sa sarili at sa komunidad at pinapababa ang dami ng naipapasang virus pati na ang pagkamatay na may kaugnayan sa virus. Ang pagiging up-to-date sa mga inirerekomendang pagbabakuna ay magpapataas sa dami ng imyunidad ng populasyon at pumoprotekta sa mga taong madaling tablan.

## Paano magparehistro para sa pagpapabakuna?

- Para sa mga nais tumanggap ng bakuna para sa COVID-19, mangyaring magrehistro online sa website ng Ministri ng Kalusugan sa: https://healthalert.gov.bh/

## Pinabilis ba ang proseso ng paggawa?

- Hindi, hindi pinabilis ang proseso ng produksiyon; ngunit, ang internasyonal na pakikipagtulungan at mga pagsulong sa teknolohiya ay nagpapaposible sa mga siyentipiko na magtrabaho nang mas mabilis, kaya mailalathala na ang genetic code ng virus sa Enero. Dagdag pa, maraming bansa ang gumawa ng mga bakuna sa pamamagitan ng tradisyonal at bagong mga pamamaraan, na lahat ay sa loob ng mga kinakailangan sa siyensya na tinatanggap.

## Ano ang mga karaniwang side effect ng bakuna para sa COVID-19?

- Ang ilan sa mga lokal na side effect ay maaaring mangyari sa bahaging tinurukan, tulad ng pagkirot at pamamaga. Bukod diyan, maaaring magkaroon ng dagdag na karaniwang mga sintomas, kabilang ang sakit ng ulo, pagduduwal at kaunting lagnat.

## Sino ang pinapayagang tumanggap ng bakuna?

- Ang (Covid-19) bakuna ay ibinibigay sa mga adulto na may edad 18 at pataas.

## May kahit anong mga tip ba na dapat kong malaman bago magpabakuna?

- Ang mga indibidwal na nais magpabakuna ay dapat walang mga sintomas na may kaugnayan sa COVID-19, at dapat walang alerdyi sa anumang sangkap ng bakuna.

- Ang mga kababaihan ay dapat hindi buntis, o nagpaplanong magbuntis, o magpapasuso ng sanggol sa panahon ng pagbabakuna. Dapat gumamit ng mga kontraseptibo nang hindi bababa sa tatlong buwan matapos magpabakuna.

## Paano ibinibigay ang mga bakuna at ilan ang bilang ng dosis?

- Ang bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagturok sa kalamnan ng braso nang dalawang dosis, na 21 araw ang pagitan sa bawat isa.

## Maaari bang bakunahan ang mga taong gumaling sa COVID-19?

- Oo, ngunit, ang isang taong nagkaroon na ng COVID-19, ay dapat bakunahan 90 araw pagkatapos mahawaan. Ang mga manggagawang pangkalusugan na nasa mga front line at ibang mga indibidwal na madaling mahawaan, ay maaaring bakunahan anuman ang lebel ng kanilang imyunidad.

## Maaari mo pa rin bang makuha o maipasa ang COVID-19 pagkatapos mabakunahan?

- Iba-iba ang pagtugon ng imyunidad ng mga tao. Ang ilang tao ay maaaring walang sapat na imyunidad para protektahan sila mula sa pagkakahawa ng virus, ngunit ang bakuna ay maaaring pumrotekta sa kanila mula sa mga katamtaman at malubhang mga sintomas.

## Ligtas at epektibo ba ang mga bakuna?

- Karaniwang ligtas ang mga bakuna, at ang mga benepisyo nito ay nakahihigit sa mga panganib. Ang mga bakuna ay sumasailalim sa maraming klinikal na pagsubok kung saan sa panahong ito ay sinusuri ang kaligtasan at pagkaepektibo nito.

## Paano pakikitunguhan ng isang tao ang mga sintomas na ito?

- Pinakikitunguhan ang mga side effect kapag nangyari ang mga ito depende sa uri at pagkalubha. Maaaring gamitin ang mga pamatay-kirot para mga simpleng sintomas tulad ng kirot sa bahaging tinurukan o sakit ng ulo, samantalang dapat kumuha ng medikal payo para sa katamtaman o malubhang mga sintomas.